

## ACTIVITY

A. Isulat ang mga pangalan ng lipi kung saang kaharian napapaloob ito.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Reuben | Simeon | Judah | Dan | Naphtali | Gad |
| Asher | Issachar | Zebulun | Ephraim | Manasseh | Benjamin |




Haring Jeroboam




Haring Rehoboam

B. Bilugan ang titik ng iyong sagot.

1. Ano ang ginawa ni Solomon na ikinalungkot ng Diyos sa kanyang mga huling taon?
   a. Tumigil siya sa pagdarasal
   b. Pinayagan niya ang pagsamba sa ibang diyos at nagtayo ng mga templo para sa kanila
   c. Sinira niya ang templo
   d. Pinalayas niya ang mga propeta

2. Ano ang hiningi ng mga tao kay Rehoboam nang siya ay naging hari?
   a. Dagdagan ang buwis
   b. Magdeklara ng digmaan
   c. Pagaanin ang mabibigat na buwis at sapilitang paggawa
   d. Magtayo ng mas malaking templo

3. Kanino sumunod si Rehoboam tungkol sa kahilingan ng mga tao?
    a. Sa mga matatanda na nagpayo ng kabaitan
    b. Sa mga propeta na nagpayo ng kapayapaan
    c. Sa kanyang mga batang kaibigan na nagpayo ng kalupitan
    d. Sa mga pari na nagpayo ng pagdarasal

4. Ano ang sinabi ng propetang si Ahijah kay Jeroboam tungkol sa plano ng Diyos para sa kaharian?
    a. Mananatiling lingkod si Jeroboam
    b. Maghahari magpakailanman ang pamilya ni Solomon
    c. Magiging hari si Jeroboam sa karamihan ng Israel
    d. Hindi kailanman mahahati ang kaharian

5. Ano ang itinuturo ng kuwento ng paghahati ng kaharian ng Israel tungkol sa kahalagahan ng pamumuno?
    a. Dapat laging sundin ng mga pinuno ang opinyon ng nakararami
    b. Dapat magpatupad ng mahigpit na patakaran ang mga pinuno nang walang konsiderasyon
    c. Dapat makinig ang mga pinuno sa Diyos at matalinong payo at maging patas
    d. Walang kinalaman ang pamumuno sa tagumpay ng isang kaharian

Sa kabila ng kanyang karunungan, nagkamali si Solomon na tumalikod sa Diyos sa pamamagitan ng pagsamba sa ibang mga diyos at pagpayag sa pagsamba sa diyus-diyosan sa Israel.

Nagkaroon ng pagkakataon si Rehoboam na makinig sa matalinong payo ng mga matatanda na nagmungkahi na maging mabait siya sa kanyang mga tao, ngunit pinili niyang makinig sa kanyang mga kabataang kaibigan na nagpayo sa kanya na maging mas mahigpit. Itinuturo nito sa mga bata ang kahalagahan ng pakikinig sa matalino at may malawak na karanasang payo.

Dapat na tandaan ng mga batang tulad natin na gaano man tayo katagumpay o katalino, dapat na lagi tayong manatili na tapat sa Diyos. Mahalaga na pakikinig at pagsunod sa Kanyang mga turo. Makinig tayo sa payo ng mga taong may taglay na karunungan lalo na sa ating mga magulang.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Sa isang tahimik na bayan, may nakatirang batang lalaki na nagngangalang Miguel, na labing-isang taong gulang. Si Miguel ay isang mabuting bata na laging sumusunod sa kanyang mga magulang. Palagi rin pinapaalalahanan siya ng kanyang mga magulang tungkol sa kahalagahan ng paggawa ng tama at pagsunod sa mga aral ng Bibliya.

Isang hapon, pagkatapos ng mahabang araw sa paaralan, inimbitahan siya ng kanyang mga kaibigan na sina Alex at Carlo na maglaro sa park. Sabik na sumama, mabilis na tinapos ni Miguel ang kanyang takdang-aralin at humingi ng permiso sa kanyang mga magulang. "Tandaan mo, Miguel," paalala ng kanyang ina bago siya umalis, "lagi mong gawin ang alam mong tama, kahit ano pa ang sabihin ng iba."

Sa park, may balak na kalokohan sina Alex at Carlo. "Tara, pumasok tayo sa taniman ni Mang Santos at kumuha tayo ng mangga," sabi ni Alex na may nakakalokong ngiti. Agad na pumayag si Carlo, ngunit nagdalawang-isip si Miguel. Naalala niya ang mga kwento mula sa Bibliya tungkol sa katapatan at paggalang sa pag-aari ng iba. Naalala rin niya ang mga aral ng kanyang mga magulang tungkol sa paggawa ng tama.

"Pero masama 'yan. Pagnanakaw 'yan," sabi ni Miguel.

"Ano ka ba, Miguel!" sabi ni Carlo. "Kaunti lang naman. Marami naman si Mang Santos. Hindi niya mapapansin."

Sabi pa ni Alex, "Oo nga, huwag ka nang matakot. Ayaw mo bang magmukhang boring?"

Naramdaman ni Miguel ang pressure mula sa kanyang mga kaibigan at ayaw niyang maiwan. Kaya't napilitan siyang sumang-ayon. Pumasok sila sa taniman at nagsimulang kumuha ng mga hinog at matamis na mangga. Sa una, tila masaya at walang problema, ngunit maya-maya'y may narinig silang sumisigaw, "Hoy, anong ginagawa ninyo diyan?"

Nahuli sila ni Mang Santos. Nag-panic ang mga bata at sinubukang tumakbo, ngunit mas mabilis si Mang Santos. Hinawakan niya si Miguel sa braso at mahigpit na sinabi, "Dapat alam ninyo na masama ang magnakaw."

Kumakabog ang puso ni Miguel sa takot at hiya. Alam niyang nagkamali siya, lumabag siya sa mga aral na natutunan niya. Tinawagan ni Mang Santos ang kanilang mga magulang, at di nagtagal, dumating ang ina ni Miguel, na mukhang malungkot at nabigo.

"Miguel, labis akong nabigo sa'yo," malungkot na sabi ng kanyang ina. "Tinuruan ka namin na laging gawin ang tama, kahit ano pa ang sabihin ng iba. Bakit ka pumayag na hikayatin ka ng mga kaibigan mo na magnakaw?"

May luha sa kanyang mga mata, sumagot si Miguel, "Pasensya na po, Mama. Ayaw ko pong isipin nila na duwag ako o boring. Gusto ko lang pong makisama."

Niyakap siya ng mahigpit ng kanyang ina. "Miguel, mas mahalaga ang paggawa ng tama kaysa makisama sa maling gawain. Ang tunay na kaibigan ay rerespetuhin ang iyong desisyon at hindi dahil sa pakikisama sa paggawa ng mga bagay na alam mong mali."

Natutunan ni Miguel ang isang mahalagang aral sa araw na iyon. Humingi siya ng tawad kay Mang Santos at nag-alok na tumulong sa taniman bilang kabayaran sa kanyang ginawa. Tinanggap ni Mang Santos ang kanyang paghingi ng tawad at pinayagan siyang tumulong.

Mula noon, nangako si Miguel sa kanyang sarili na palaging susundin ang mga aral mula sa Bibliya at sa kanyang mga magulang, kahit ano pa ang sabihin ng iba. Natutuhan niya na ang pagiging tapat sa kanyang mga pinaniniwalaan at paggawa ng tama ay mas mahalaga kaysa makisama sa maling gawain.

Mga tanong:

- Ano ang palaging paalala ng mga magulang ni Miguel sa kanya?

  ______________________________________________________________

- Bakit nagdalawang-isip si Miguel na sumali sa plano nina Alex at Carlo?

  ______________________________________________________________

- Ano ang sinabi ni Carlo upang hikayatin si Miguel na sumama sa kanila?

  ______________________________________________________________

- Ano ang naramdaman ni Miguel nang mahuli sila ni Mang Santos?

  ______________________________________________________________

- Anong mahalagang aral ang natutunan ni Miguel mula sa karanasang ito?

  ______________________________________________________________

Alam ni Miguel na mali ang magnakaw, ngunit sa simula ay pinili pa rin niyang sumunod sa kanyang mga kaibigan. Ang kuwento ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagkilala at pagtindig sa kung ano ang tama, kahit pa may pressure mula sa mga kaibigan.

Isa rin itong magandang paalala na ang tunay na mga kaibigan ay marunong rumespeto sa iyong mga pinaniniwalaang tama at mabuti at hindi sila hihikayatin na gumawa ng masama. Ang kuwento ni Miguel ay nagtuturo na mahalaga ang pagpili ng tamang kaibigan.



D. Memory Verse

Dinggin mo at sundin ang payo sa iyo, at pagdating ng araw, pakikinabangan mo.
**Mga Kawikaan 19:20**